

1

“What? Mag-re-retire na si Dr. Francisco?” bulalas ni Dr. Moira de Castro nang marinig ang sinabi ng kaibigan. “Pero akala ko ba magpapahinga lang siya from the operation ’tapos babalik rin siya?”

“Hindi na raw kasi kakayanin ng katawan niya ang stressful na trabaho as head of the Neurosurgery Department, kaya consultation jobs na lang ang puwede niyang gawin ngayon,” paliwanag ni Dr. Sheryl Domingo.

Nasa loob ng kuwarta ng isang ninety-year old comatose patient ang dalawang second year surgical residents ng *St. John Memorial Hospital*. Dahil kadalasan ay wala namang kamag-anak na nagbabantay rito ay nakaugalian na nila ang magtungo roon sa tuwing sila ay may free time, bilang pagbabantay at pagtambay na rin.

“Damn! Napakarami pa naman niyang balak ituro sa akin. Pangako pa nga niya sa akin na he will mentor me to become a world-class neurosurgeon. Pero ngayong nag-retire na siya, what will happen to my brilliant career?” Banaag ang pagkabalisa ng twenty-seven-year old na si Moira na pabagsak na

napahiga sa sofa na nakalagay sa sulok ng silid.

“Don’t worry, may papalit naman na daw sa kanya, eh. Malay mo mas marami pang maituro sa ’yo ang magiging bagong head ng department natin,” sabi nito na nakaupo sa paanan ng sofa habang nagsusulat sa patong-patong na charts na kaharap.

“Sana nga pero panibagong pagsisipsip na naman ’to! Baka masungit pa ’yung papalit kay Dr. Francisco, eh, di nalintikan pa ako.”

“Hindi mo na kailangang sumipsip. Kapag nakita naman niya kung gaano ka kagaling, mai-impress din siya sa ’yo at siguradong gaganahan siyang turuan ka,” pagpapaintindi sa kanya ng kaibigan.

But Moira was a stubborn and impatient lady. “Siyempre bukod sa pagpapakitang-gilas ko, iba pa rin ’yung maka-establish ako sa kanya ng rapport, ng relationship. It will help speed up the climb toward the top.”

Naantala ang pag-uusap ng dalawa nang pumasok ang isa sa mga interns na under sa supervision niya.

“O, bakit?” iritado niyang baling dito.

“Doc, uhm... puwede po bang magpatulong maglagay ng IV?” halos magkandautal-utal na

pakiusap ng bagitong si Dr. Charie Cortez.

Napaupo siya bigla sa sofa at pinandilatan ito. “IV? Sigurado ka bang doktor ka? Kasimple-simpleng gawain, hihingi ka ng tulong sa akin?”

“K-kasi po nag-co-collapse po ’yung veins ni Lola, hindi po namin masentro ’yung IV,” paliwanag ng intern na paboritong bulyawan at pagalitan ng mataray na dalaga.

“Aba, dapat matutunan n’yo ’yan by yourselves! You can’t always be asking for help dahil hindi sa lahat ng panahon ay may tutulong sa inyo!” panenermon pa niya.

“Pasensya na po,” napatungong nasabi ng namumutlang intern bago lumabas ng silid upang bumalik sa pasyente.

“Ikaw talaga, napakabagsik mo! Para nanghihingi lang ng tulong ’yung tao,” paninita ni Sheryl.

“Kasimple-simple naman kasi ng gagawin, kailangan pang humingi ng tulong. Ako nga, walang nagturo sa akin n’on dati. Natutunan ko ’yon nang mag-isa,” pag-point out niya.

“Iba ka naman kasi, genius ka!”

“Talaga!” walang kakurap-kurap na pagsagot ng

dalagang puno ng kumpiyansa sa sarili.

“Shit! Saan ba talaga pupunta ang kotseng ’to?” bulong ni Moira sa sarili habang pinakikiramdaman ang *BMW* na nasa harapan. Seven fifty-five na ng umaga, limang minuto na lamang ay male-late na siya para sa duty sa ospital. Nang makitang mukhang pakanan ang kotseng iyon ay palulusutin na sana niya ang sinasakyang scooter sa opposite side niyon, ngunit nang gagawin na sana iyon ay bigla namang kumabig ang driver ng kotse sa direksyon niya na muntikang maging dahilan ng pagkakabangga nito sa kanya. Mabuti na lamang at mabilis niyang naikabig ang sinasakyan.

“Ano ka ba! Marunong ka bang magmaneho?” bulyaw niya sa driver matapos ihinto ang scooter sa harap ng *BMW*.

“Sorry, first time ko lang kasi rito... Nasaan ba ’yung visitor’s parking?” tanong ng lalaki na inilabas ang ulo mula sa bintana.

“Doon sa kabilang side,” paangil na turo ni Moira saka ibinaba ang shield ng helmet at pinaharurot ang scooter patungo sa parking space niya. Pagpatay sa makina ay kaagad niyang tinanggal ang helmet na

nagpakawala sa kanyang long, wavy brown hair. Pagtingin niya sa relo ay isang minuto na lamang bago mag-alas-ochong. “Oh no! I can’t be late!” bulong niya sa sarili habang nagmamadaling bumaba ng scooter at patakbong pumasok sa loob ng ospital.

“Buwiset!”

Napalingon si Sheryl sa kaibigang padabog na binubuksan ang kanyang locker. “O, ang aga-aga’y mainit na naman ang ulo mo d’yan,” bati nito habang isinasabit ang stethoscope sa leeg.

“Paano, ’yung tatanga-tangang driver sa labas ay muntikan pa ’kong banggain!” kuwento niya habang inilalabas ang scrub suit.

“Ano? Okay ka lang ba? Nasaktan ka ba?” biglang pag-aalala nito.

“Okay lang ako,” pag-assure niya habang tinatangal ang suot na blouse. Wala siyang pakialam kung makita man siya ng mga kasamahan na nakabra lamang. After all, female doctors lounge naman iyon.

“Eh, sino ba ’yang lalaking ’yan na muntik na bumangga sa ’yo?”

“Ewan ko, hindi ko kilala. Basta hinahanap niya

'yung visitor's parking lot kaya para siyang tangang umiikot doon," sagot niya na ang pang-ibaba namang scrubs ang isinusuot ngayon.

"Everyone, please leave the room right now. May important announcement si Chief," anunsyo ng isang resident doctor na pumasok ng silid.

Hindi na sinuklay pa ni Moira ang mahaba niyang buhok at mabilis na lamang na itinali iyon into a bun sa tuktok ng kanyang ulo.

"Ano kaya ang sasabihin ni Chief?" tanong ni Sheryl habang magkasabay silang lumalabas ng lounge.

Nanlaki ang mga mata niya at napaharap sa kaibigan. "Baka ngayon na niya i-a-announce 'yung bagong head ng Neurosurgery!" Hindi niya maiwasang ma-excite.

Magbuhat kasi nang ma-stroke si Dr. Francisco ay madalang na ang big operations na pinakahihintay niya, palibhasa walang experienced neurosurgeon na hahawak. Pero ngayong mayroon nang papalit dito ay nabuhay ang kanyang dugo. There's nothing else that she wanted but challenging, ultra-complicated cases where her genius brain can learn a lot from.

"Oo nga! Malalaman mo na ngayon kung kanino

ka sisipsip!”

Nagkumpulan ang mga doktor at nurses sa second floor kung saan naroroon ang operating room. Nasa bandang gitna ang magkaibigan. Wala pa ang chief of surgery na si Dr. Alfredo Gonzales. Habang naghihintay ay sari-saring kuwentuhan ang maririnig sa paligid, karamihan ay tungkol sa kanilang mga hula sa kung sino ang magiging next head of Neurosurgery Department.

“Good morning, ladies and gentlemen,” biglang pangigingibaw ng malaking boses ng matandang doktor. “I’m sure lahat kayo may hula na kung bakit ko kayo ipinatawag ngayon rito. Alam kong alam n’yo na rin that Dr. Francisco had decided to retire from his post as the Head of Neurosurgery Department. Therefore, I would like to introduce to all of you ang magiging kapalit ng ating butihing doktor.

“He graduated on top of his class at the *Stanford University School of Medicine*. And eventually honed his expertise in Neurosurgery at the *Cedars-Sinai Medical Center* in Los Angeles, California. Let’s all welcome Dr. Adam Laurencio!”

Kasabay ng palakpakan ay maugong din ang kilig at tili na nanggagaling mula sa kababaihang naroroon. Pero iba ang naging reaksyon ni Moira,

halos malaglag ang kanyang panga nang matitigan ang lalaking nagsasalita.

Siya 'yung tangang lalaking muntik na bumangga sa akin kanina, ah! tahimik na pagkilala niya rito.

“Wow! I never thought na bata pa ang magiging bago nating head of Neurosurgery. Para tuloy gusto ko na ring sumipsip sa kanya!” kinikilig ding sabi ni Sheryl na bagaman may asawa na ay hindi pa rin maiwasang magkaganoon lalo pa at kasing-guwapo ni Adam ang kaharap.

Hindi masisisi ang kababaihan kung maging ganoon man ang reaksyon nila. Bukod sa impressive background nito ay mistulang modelo ang tindig ng 6'2” hunk. He possessed sharp, manly features with his piercing brown eyes, high aristocratic nose and full mouth. He was the typical perfect guy, intelligent, handsome and strong—the type that would rescue any damsel in distress.

“Uy, tama na ang kakatitig. Baka tumulo na ang laway mo d’yan!” biro ng kaibigan niya nang mapansin ang hindi mapuknat niyang mga matang nakatuon kay Adam.

“Sher, I know this guy!” sabi niya na himalang mababakas ang pagkabalisa sa usually ay self-assured

niyang mukha.

Nanlaki ang mga mata nito na pansamantalang nilubayan ang pagkakatitig sa hunky surgeon at hinarap siya. “Kilala mo siya?”

“Yeah, he’s the guy who almost hit me a while ago...”

“Oh, my God!” Natutop nito ang bibig. “Sinungitan mo ba siya?” kaagad nitong tanong, knowing kung gaano siya kataray.

“Yes, I did,” sagot niya. “Pero hindi naman siguro niya ako nakilala, naka-helmet ako n’ung sinigawan ko siya, eh,” pagpapalakas niya ng loob. Alam niyang hindi niya puwedeng tratuhin nang masama ang bagong superior. He was her ticket to a brilliant and successful career in Neurosurgery.

“Girl, mukhang kilala ka niya, eh. He’s smiling at you...”

Totoo nga ang sinasabi ng kaibigan. Dahil may katangkaran siya at 5’ 7”, kahit nasa gitna sila ay mapapansin pa rin siya. *Oo nga, mukhang nakikilala ako ng ugok na ’to, ah!* isip niya habang inoobserbahan ito. Actually, ang nakikita niya sa mukha nito ay hindi friendly smile but more of a devilish grin na para bang nagsasabing: ‘I’ll make your life a living hell!’

Nang matapos magsalita si Dr. Gonzales ay mabilis na tumalilis si Moira. Kanina pa niya iyon nais gawin. Pero dahil nga nakatitig sa kanya si Adam ay hindi siya makakilos at mas lalo lamang siya nitong mahahalata.

“Tara na, bilisan mo nang maglakad,” udyok niya kay Sheryl na babagal-bagal sa kanyang tabi.

“Kahit naman magtago ka pa d’yan, kilala ka na niya, ’no!” diin nito. “And besides, lesson na ’yan sa ’yo. Sa susunod, huwag ka masyadong mataray dahil hindi mo alam na importanteng tao na pala ang binabangga mo!”

Kung gaano man niya kagusto na nanenermon ng ibang tao, iyon naman ay ayaw na ayaw niyang ginagawa sa kanya. “Oo na, tama na ang satsat. Tara na!”

“Sir, puwede bang makiupo?” tanong ng isang doktor na lumapit sa mesa ni Adam noong lunchtime sa cafeteria ng ospital.

“Adam na lang,” sabi niya na naiilang kapag tinatawag siyang ‘Sir’. “You are...?”

“Jericho Lopa,” pakilala nito habang umuupo

sa bakanteng silya sa kanyang harap. “I’m also a neurosurgeon, I’ll be one of those people in your team.”

“Really? That’s great!” napatangong sagot ni Adam na masaya at mukhang friendly ang makakasama. Importante kasi sa kanya ang good relationship among colleagues. Naniniwala siyang mas magiging maayos ang trabaho kapag masaya ang lahat.

“So, ano’ng nagdala sa isang hotshot doctor from *Cedars-Sinai* dito sa ‘Pinas? You’re already up there, why would you choose to go back here?” prangkang tanong ni Jericho.

“Originally, bakasyon lang sana ang plano ko sa pagpunta rito sa Pilipinas. Pero one night, nagkausap kami ni Dr. Gonzales who is a good friend of my dad, he asked me kung interesado raw ba akong maging head of neurosurgery department dito sa *St. John*. Naisip kong buong medical career ko, puro dayuhan ang ginagamot ko. Mabuti siguro na ang mga kapwa ko Filipino naman ang intindihin ko ngayon,” paliwanag niya.

“Wow! Hindi ko akalain na may mga katulad mo pa palang nabubuhay sa mundo,” kulang na lamang ay mapapalakpak na nasabi nito, halatang impressed

sa bagong superior. “Nasanay na kasi ako na marinig sa mga kapwa nating doktor, I admit including myself, we’re all aiming for personal excellence, a brilliant career in medicine, ang makilala sa buong mundo. Bihira na akong makarinig ng katulad mo na ang hangad ay ang simpleng makapanggapot ng kapwa.”

“Well, hindi naman ako dating ganito. I was also like everyone else, aiming for personal excellence. Normal lang ’yon, I guess, kapag nagsisimula tayo,” pagbabahagi ng thirty-one-year old neurosurgeon.

Nagpatuloy ang pag-uusap ng dalawa hanggang sa madako sa mga kasamahan ang kanilang topic. Isa-isang ipinakilala ni Jericho ang mga doktor na nakapaligid sa kanila.

“I know that girl,” banggit ni Adam nang pumasok sa pinto si Moira.

Lumingon ito sa gawi ng tinitingnan niya. “Sino, si Mestisang Bangus?”

“Yeah, nakita ko siya this morning sa parking lot. Nakasakay siya ng scooter,” kuwento niya.

“Tbang klaseng babae, ’no? Astig!” komento nito na may lihim na paghanga sa magandang dalaga. “Her name’s Moira de Castro, a second year surgical resident here. Actually, she’s the sister of Dr. Javier

de Castro, a famous neurosurgeon here in the Philippines...”

“I’ve heard of that name sa States, kahit ang mga Amerikanong neurosurgeons ay kilala siya,” pagkilala niya sa pangalan ng nabanggit na lalaki. “So I guess magaling rin ’yang si Moira.”

“Well, kung sa galing, magaling talaga. Genius nga ’yan kung tawagin rito kaso saksakan ng angas! Lahat ay kinokompetensya! May chismis pa nga ritong naging sila ni Dr. Francisco,” pagse-share pa nito. “Kaya mag-iingat ka, siguradong sisipsip at magpapapansin sa ’yo ’yan,” babala nito. “She’s setting her sights to become the most brilliant neurosurgeon here.”

Magkasabay na napailing at napangiti si Adam habang naglalagay ng kanin sa kanyang kutsara. *Tingnan lang natin kung uubra sa akin ang style mo, Dr. Moira de Castro!*

Kahit pagod galing duty ay dumerecho pa rin si Moira sa mansion ng pamilya sa *Forbes Park* para sa kanilang regular Sunday dinner.

“Naku naman, Moira! Kababae mong tao, nakasakay sa motorsiklo. Kelan mo ba talaga titigilan

'yan, ha?" pamumuna ni Mrs. Elize de Castro nang makita ang sasakyan ng bunsong anak na pumarada sa hilera ng luxury cars na pag-aari ng pamilya sa loob ng kanilang bakuran.

Malaking frustration talaga ng ginang na isang high society lady ang kawalan ng poise at ayos ng anak na babae. Nagmana rito ng hitsura ang dalaga. Nakuha ni Moira ang Spanish mestiza features nito mula sa deep-set eyes na hazel brown ang kulay, matangos na ilong na parang aristokrata, high cheekbones at pouty lips. Gayundin ang mala-porselanang kutis, brown na buhok at voluptuous na katawan.

"Mommy, alam mong on call parati si Moira. Praktikal lang na gumamit siya ng motor imbis na kotse, iwas traffic," pagtatanggol sa kanya ng Ate Kris niya. Kung siya ay minana ang pagiging mestiza ng ina, ito naman ay nagmana sa ama na isang moreno.

"Kahit na, babae pa rin ang kapatid mo. Look at her, walang ayos, ni hindi nagme-makeup!" napapailing na sabi ng mapusturang babae.

"Mommy, doktor naman ako, hindi artista. Bakit ko pa kailangang mag-ayos?" pagtatanggol niya sa sarili habang ipinapatong sa nadaanang coffee table ang hawak na helmet.

“Hindi kailangang maging artista ka para magayos ka ng sarili mo. Siyempre, iba pa rin ’yung presentable ang hitsura mo, lalo pa’t humaharap ka sa mga patients mo,” paliwanag ni Mrs. de Castro habang papaupo sila sa hapag-kainan.

“Sweetheart, huwag mo nang pakialaman ang anak mo sa gusto niya. D’yan siya komportable,” pagtatanggol sa kanya ng amang si Mr. Hector de Castro. “Siyanga pala, kumusta na sa ospital, Hija?” pagbabaling nito ng atensyon sa kanya.

“Okay naman po, Dad. I removed an inflamed appendix the other day,” excited na pagbibigay-alam ni Moira. Kahit gaano pa kasama ang mood niya, kapag napag-uusapan ang kanyang mga operations ay nabubuhayan siya, nagiging masigla. “Wala na po akong senior doctor na nagtuturo sa akin. He told me that with my skills, kaya ko na raw pong gawing mag-isa ang operation,” puno ng pride pang dagdag niya.

“That’s good,” napatangong sabi nito habang ninanamnam ang isinubong roast beef. “I remember when your Kuya Javier was an intern, mag-isa siyang nag-perform ng brain surgery with very minimal assistance from his senior doctors.”

“Oo nga, I remember that! Pag-uwi nga rito ni Javi, tulala siya. He could not believe that he

was able to do that!” dagdag pa ng asawa nito na mababakas sa mga mata ang pagiging labis na proud sa panganay na hindi sila nasamahan sa dinner dahil may isasagawang maselan na operation.

Operation ko ang pinag-uusapan, eh, kailangan ba talagang isingit na naman si Kuya? lihim na pagngingitngit niya habang ibinubuhos sa karneng hinihiwa ang pagkainis.

“Good evening, everyone!”

“O, Javi, akala ko ba may operation ka?” pagtataka ni Mrs. De Castro na biglang nagliwanag ang mga mata nang makita ang panaganay na anak.

“Na-postpone po for tomorrow, Mommy, kaya umuwi ako kaagad para sunduin ang mga ‘to. Kahapon pa kasi nila ako kinukulit, when are they going daw to their lolo and lola’s house?” tukoy ni Javi sa dalawang anak, sina Trina and Enzo na five and seven years old, respectively.

“Malungkot nga po sila kanina nang akala nila hindi na kami makakapunta rito,” sabi ni Vicky, ang asawa ni Javi na masayang pinagmamasdan ang dalawang anak na patakbong yumakap sa lolo at lola.

“S’abi ko naman kasi sa inyo, iwan n’yo na rito ang mga batang ‘to during the weekend,” sabi ng

matandang ginang na giliw na giliw sa mga apo.

“Oo nga nang may kalaro si Gelo,” ani Mr. de Castro sa three-year old son ni Kris. Tulad ng asawa ay masayang-masaya rin ito sa tuwing nakikita ang mga apo. Dahil sa labis na kaabalahan nito sa pharmaceutical business noon ay hindi na nito masyadong na-enjoy ang growing up years ng mga anak. Kaya ngayong retired na, he had all the time in the world para ma-enjoy ang mga apo.

Pinaupo ni Vicky ang panganay na si Enzo sa tabi ni Moira. Kitang-kita niya ang hesitation ng bata, ngunit sinunod pa rin nito ang ina. As he sat on the empty chair beside her, batid niya ang biglaang pagiging de-numero ng kilos nito. Takot kasi ang mga pamangkin sa kanya sapagkat minsan na niyang napagalitan ang mga ito nang mapagkamalang coloring book ang kanyang libro sa Anatomy. Sadyang wala siyang hilig sa bata. Madaling nauubos ang pasensya niya lalo na kapag makukulit ang mga ito.

All throughout the evening, ang Kuya Javier na niya ang sentro ng atensyon ng mga magulang. Para ngang hindi na nag-e-exist sina Kris at Moira dahil hindi na sila napansin ng mga ito. Para kay Kris ay okay lamang iyon, pero hindi kay Moira. Umaasa siya na sana ay matapos na ang gabi.

If I Should Love You - Terri Dizon

*Sige, pagpiyestahan n'yo siya. Balang araw
dadaigin ko rin si Dr. Javier de Castro! lihim niyang
himutok.*

2

“Doc, uhm... puwede po bang humingi ng tulong na magkabit ng CVP line?” nag-aalangang tanong ng intern na si Charie nang lapitan nito si Moira sa nurse station.

Itinigil ng dalaga ang pagsusulat sa chart at hinarap ito. “Kelan ba darating ang araw na hindi ka hihingi ng tulong? Alam mo habang maaga pa’y mag-isip-isip ka na kung talaga bang kaya mong maging doktor. Kasi tatapatin na kita, sa assessment ko sa skills mo, dapat nagtrabaho ka na lang sa opisina at hindi sa ospital!” prangkang pahayag niya na walang pakialam kung mapahiya man ang kausap.

Subalit ang hindi niya alam ay kanina pa pala nakatayo si Adam sa kanyang likuran at pinanonood kung paano niya pagsalitaan ang intern.

“Where’s your patient?” tanong nito kay Charie.

“Uhm... nasa room 457 po,” nasorpresang sagot ng babae.

“Let’s go,” sabi nito na pinangunahan na ang paglalakad patungo sa direksyon ng silid.

Samantala, natauhan si Moira na ilang sandali ring napatda nang mapagtantong narinig pala ni Adam ang kanyang mga pinagsasabi. Kaagad niya itong hinabol at hinarangan sa paglalakad.

“Doc, I was really going to help her. I just said those things because I was challenging her,” pilit niyang paliwanag. Nangangamba kasi siya na baka tuluyang maging negatibo ang tingin nito sa kanya.

Subalit hindi niya nakumbinsi ang kanilang head na binigyan siya ng nagyeyelong ngiti. “No problem, I know you’re very busy,” sarkastikong tugon nito bago ipinagpatuloy ang paglalakad patungo sa silid ng pasyente ni Charie.

Naiwan siyang mag-isa sa hallway habang kulang na lamang ay umusok ang kanyang ilong sa galit. *Pakialamero! Bakit kasi siya pa ang naging head of Neurosurgery, eh!*

“O, kumusta na ang big shot?” bungad ni Aldrin nang lapitan ang nakababatang kapatid na nakatayo sa tapat ng railing ng verandah sa kanilang mansion.

“Kuya, ikaw pala,” paglingon dito ni Adam.

“Mukhang malalim ang iniisip mo at may scotch

ka pang hawak d'yan. Masakit ba sa ulo ang maging head of Neurosurgery ng *St. John*?”

“Medyo pero tolerable pa naman,” sagot niya.

“Talaga bang wala ka nang balak balikan ang practice mo sa Amerika? Hindi ka ba nanghihinayang?”

“Nag-e-enjoy naman ako sa trabaho ko sa *St. John*. Honestly, I feel more fulfilled na nakakagamot ako ng mga kababayan ko,” paliwanag niya. “So it’s highly possible that I will stay here for good.”

“Kung sabagay. Maybe it would be better for you to stay here. After everything that happened, kailangan mo na rin siguro ang new environment para makapagsimula kang muli,” sabi nito. “So, kumusta naman ang mga chicks sa ospital? Are there any pretty nurses and doctors there?”

“Maraming magaganda but there’s one that stands out. Unfortunately, saksakan ng sama ng ugali,” napangising saad niya.

“Paanong masama ang ugali?”

“She’s a resident who bullies the interns around her. May nabalitaan pa nga akong kumabit raw ito sa dating head of Neurosurgery na pinalitan ko to get the best cases,” tugon niya.

“Naku, siguradong ikaw naman ang susunod na target niyan dahil ikaw na ang bagong head.”

“Hindi siya uubra sa akin.”

“Eh, di gamitin mo lang tatal nanggagamit naman siya!”

Napailing na lamang si Adam.

“May bagong neuro case ba?” tanong ni Moira sa nurse na nakapuwesto sa station.

“Ito po, brain aneurysm,” sabi nito habang iniaabot ang chart.

Mabilis na ini-scan niya ang chart ng pasyenteng may ganoong sakit. She memorized the important details para kapag dumating si Adam ay handa na siya kapag nag-rounds ito at nagtanong sa kaso ng pasyente.

Walang kurap niyang binabasa ang mga nakasulat doon nang dumating ang isa pa sa kanyang mga interns na si Jerry na may dalang cappuccino mula sa *Starbucks*. Magbuhat nang magsimula sa ilalim ng supervision niya ay nakaugalian na ng mga ito na araw-araw siyang dalhan ng paborito niyang inumin. Umaasa silang kahit paano ay makatulong iyon para

gumanda ang kanyang mood.

Kinuha iyon ni Moira habang patuloy pa ring nakatuon ang mga mata sa binabasa. Akmang iinom siya ng kape nang marinig ang tinig ni Adam.

“Good morning, everyone,” bati nito sa mga nurses gayundin sa mga interns na naroroon.

Malugod na binati ng mga ito ang friendly surgeon. Inanunsyo nito na maghanda na ang mga doktor dahil magra-rounds sila sa neurological intensive care unit.

“Ah, Sir, coffee for you,” pag-aabot niya ng sariling kape kay Adam kahit pa ang totoo ay takam na takam na siyang inumin iyon. *Magsakripisyo ka na lang muna, Moira. Future career mo ang at stake rito, mamaya ka na lang magkape!*

Tinanggap naman nito iyon. “Thanks, Dr. de Castro,” nakangiting sinabi nito.

I have a good feeling about this, mukhang nakalimutan na niya ang incident kahapon. Good shot na yata ako sa kanya! nabubuhayang naisip niya habang nakasunod dito sa pagpasok nila sa loob ng kuwarto ng pinakabagong pasyente. Sigurado mas lalo pa akong magiging good shot sa kanya kapag nakita na niya ang pagiging genius ko!

“So, can anyone please tell me about the condition of Mr. Cruz?” tanong ni Adam habang nakaharap sa nakapaligid na mga interns at siyempre sa nag-iisang residente na si Moira.

Hindi na nagtaas pa ng kamay ang dalaga at derechong sinagot ang tanong nito. She explained in detail about the patient’s brain aneurysm at napanganga ang mga interns sa kanya. Patangu-tango lamang ang binata na mas lalong nagbigay ng motivation sa kanya dahil nakikita niya ang pagiging interesado at pagka-impress sa mukha nito.

“Very good, Dr. de Castro, for your excellent explanation,” puri nito sa kanya na pinalakpakan pa siya.

“Thank you, Sir,” balik niya habang hindi maitago ang pride sa mukha. *Nararamdaman ko na, I will get to operate on a brain again!*

“Dr. Valle, you’ll be assisting me later in the surgery,” sabi ni Adam sa intern na nakita nitong nagbigay ng kape kanina kay Moira.

Hindi naman ito makapaniwala. “Ako po?” nanlaki ang mga matang tanong ng lalaki na hindi naiwasang mapabaling ng tingin kay Moira na pinanliliskan ito ng mata.

“Yes, it’s you,” kumpirma ng kanilang head habang may isinusulat sa chart.

Parang gumuho namang bigla ang mundo ng dalaga. Hindi siya makapaniwala na siya ang may labis na nalalaman ukol sa komplikadong operasyon, subalit ang walang alam at inexperienced na si Jerry ang isasabak ni Adam.

Ano ba talagang gustong palabasin ng lalaking ’to?

Tulala pa rin siya habang nagsisimula nang magsigalawan ang mga interns palabas sa silid. Natauhan lamang siya nang marinig niyang tinawag ng binata ang kanyang pangalan.

“Yes, Sir?” expectant niyang tanong. *Naku, mukhang nagbabago na yata ang isip niya. Isasama na niya ako sa operation!*

“Thanks for the coffee.” Iyon lamang at lumabas na rin ito ng silid.

Mas lalong kumulo ang kanyang dugo. *May araw ka ring lalaki ka!*

“Hindi ko talaga alam kung paano siya naging head ng Neurosurgery Department, eh. He does not seem to know what he’s doing. Biruin mo, isabak

niya sa isang napakadelikadong operasyon si Jerry na wala pa ngang experience sa Neurosurgery!”

Magkasamang nagla-lunch sa cafeteria sina Moira at Sheryl at dito inilalabas ng una ang pagkainis niya kay Dr. Adam Laurencio.

“Baka gusto lang ni Doc Adam na maturuan si Jerry. Sinabi mo nga wala pa itong experience, kaya siguro ito ang pinili niya instead of you. Alam niya kasing marami ka nang alam sa ganoong procedure,” pilit namang ipinaiintindi nito sa kanya.

Pero sadyang matigas pa rin ang ulo niya. “No, hindi ako naniniwalang ’yon ang dahilan. Inaasar niya lang talaga ako. Sa simula pa lang nararamdaman ko nang ayaw niya sa akin, eh. Kulang na nga lang sipain niya ako palabas sa department niya!”

“Sobra ka, I don’t think he’s that kind of person. Mukha naman siyang professional.”

“Naku, Sheryl! Huwag mo na siyang ipagtanggol. Alam kong nasisilaw ka lang sa hitsura niya. Don’t be fooled by his clean-cut, professional appearance. Deep inside, may itinatagong putik rin ang lalaking ’yan!” pagdiriin niya na hindi na matapos sa pagkain ng cheeseburger dahil sa kadadaldal.

“This can’t continue. Dapat ibahin ko ang atake

If I Should Love You - Terri Dizon

ko sa kanya,” sabi niya habang kumukunot ang noo at nag-iisip ng brilliant idea. Nang sa wakas ay may pumasok sa kanyang isipan ay napapalo siya sa mesa. “Alam ko na!”

“Ano na naman ba ’yang naiisip mo?”

Naningkit ang mga mata ni Moira habang nakatingin sa malayo. It was filled with so much intent and focus.

“Sheryl, it’s time to use my charms. Let’s just see if he can continue to resist me....”

3

“Hoy, ano ba ’yang ginagawa mo?” kunot-noong tanong ni Sheryl sa kaibigan na walang suot na blouse habang hindi mapakali sa pag-aayos ng kanyang bra sa loob ng locker room.

As usual, walang pakialam si Moira kung makita man siya ng mga kasamahang nakasuot lamang ng bra at pang-ibabang scrub suit. Wala na ring pakialam ang mga ito dahil sanay na sila na makita ang exposed na katawan niya.

“Tingin mo ba okay na ’tong cleavage ko?” paghihingi niya ng opinyon habang itinatapat dito ang malulusog na dibdib na nakasuot ng black, lacy bra.

“Sus! Kung ganyan ang boobs ko, araw-araw akong naka-two-piece,” sagot nito habang umuupo sa bench upang itali ang rubber shoes nito.

Kontento naman siya sa naging sagot nito. Isinuot na niya kaagad ang blue scrub suit na pinasadya pa talaga niyang ipa-repair sa mananahi upang pababaan nang kaunti ang neckline.

“Ito na ba ang sinasabi mong paggamit ng charms

mo?” tanong ni Sheryl nang makita ang bahagyang pagsilip ng kanyang cleavage mula sa scrub suit.

“Yup, ito na nga ’yon,” kumpirma niya habang naglalagay ng pulang lipstick sa labi. Kahit hindi talaga niya feel mag-makeup, she was fully madeup that day. Handa siyang magtiis kung iyon ang makakatulong para makamit ang kanyang pangarap.

Biglang kinabahan ang kaibigan niya. “Hindi ba parang sobra na ’yang ginagawa mo? Paano kung kumagat nga ang lalaking ’yon at humiling na ibigay mo ang katawan mo sa kanya, handa mo bang gawin ’yon?” pabulong na tanong nito.

Natahimik si Moira at napaisip. Although, pumasok na nga sa utak niya ang tungkol sa bagay na iyon, she never really gave it a serious thought. Pero alam niyang maaari ngang mangyari ang sinasabi nito. May bahid man ng kabang pumapasok sa kanya, it was never enough para tuluyang patayin ang kanyang mga plano.

“I don’t know... maybe if I have to...” sagot niyang napakibit-balikat.

“Nasisiraan ka na talaga!” napapailing na nasabi nito bago lumabas ng locker room.

Wala na akong pakialam kung nasisiraan man

ako. Getting that guy to mentor me is the only way I can achieve my dream, sa loob-loob niya habang palabas na rin.

“Here’s your coffee, Doc,” untag ni Jerry na biglang sumulpot mula sa kung saan. Katulad ng dati ay dala nito ang kanyang paboritong cappuccino.

Tinanggap niya iyon nang hindi man lamang nagpapasalamat. Masaya na sana siya na maiinom niya ang paboritong kape na hindi niya natikmannang nagdaang araw dahil kinailangan niyang sumipsip at ibigay iyon kay Adam, subalit mukhang mauulit iyon dahil nakita niyang paparating ang huli.

“Coffee for you, Sir,” pag-aabot niya ng disposable cup habang tumatayo nang tuwid at nag-chest out upang mapansin nito ang kanyang dibdib.

“Coffee again? Wow, thank you,” balik nito habang tinatanggap iyon mula sa kanya.

Puno ng pagkadismaya si Moira dahil halos hindi siya tiningnan ng doktor sapagkat nakatuon sa kape ang mga mata nito. *Ganoon ba talaga kasarap ang cappuccino na ’yan at iniisnab niya ang beauty ko?*

Pero fighter talaga ang dalaga, hindi siya ang tipo na basta-basta sumusuko sa harap ng mga balakid. “Ah... Sir, are you going to have any operation today?”

patuloy pa niya nang lapitan ito. “Need some help?” tanong niya while pouting her red lips sexily.

“Thanks, but Dr. Malvar will be there to assist me,” sagot nito bago nagpaalam at umalis.

Nang makalayu-layo na ito ay nilapitan siya ni Sheryl na nasaksihan ang lahat mula sa nurse station. “Tsk, tsk! Mukhang hindi ka yata type ni Doc Adam, ah. Paano na ngayon ’yan? Ano na’ng mangyayari sa brilliant career mo sa Neurosurgery?”

“Hindi pa naman kami tapos,” confident niyang turan. “Hindi rin niya ako matitiis ...”

“Mukhang sinisimulan ka nang ‘biktimahin’ ni Moira, ah,” natatawang banggit ni Jericho habang kumakain sila sa cafeteria. “Halos mabali na ang likod sa pagliyad para lang mapansin mo ang dibdib niya, eh!” dagdag pa nito na naroroon din pala sa paligid nang subukan ni Moira na akitin si Adam.

Napangiti siya habang naaalala kung paano umarte ang dalaga sa harap niya. “Ganyan rin ba siya kay Dr. Francisco noon?”

“Hindi naman ganyan ka-showy tulad sa ’yo, basta ang naaalala ko lang noon ay saksakan siya ng

sipsip kay Dr. Francisco,” sagot nito. “Siguro nakikita niyang hindi umuubra ang pagsisipsip niya sa ’yo, kaya dinadaan ka na sa pang-aakit. Nakakabilib ka nga, eh. Biruin mo, nagagawa mo siyang i-resist. Kung ako siguro ang nasa lugar mo, sa ganda at sexy ng babaeng ’yon, malamang hindi na ako nakapagpigil!”

“That girl is really desperate to advance in her career, kaya kahit sarili niya ay handa niyang gamitin makuha lang ang gusto,” napapailing niyang nasabi matapos uminom ng *Coke*. Nanghinayang siya para sa dalaga. He could see that she was a highly intelligent, talented, and skillful surgeon. Hindi na nito kailangang gawin pa ang mga cheap tactics just to get ahead in her chosen field.

“Sir!” tawag ni Moira kay Adam nang makita itong palabas mula sa elevator.

Huminto sa paglalakad ang lalaking doktor na mukhang handa nang umuwi. Tanggal na ang coat nito at dala na rin nito ang bag. “Yes?”

Nagmamadali siyang naglakad patungo sa kinatatayuan nito. “Ah, Sir, may gusto lang po sana akong i-consult sa inyo,” panimula niya.

“Ano ’yon?” tanong nito habang humahalukipkip.

Ano na naman kaya ang palabas ng babaeng 'to ngayon? sa loob-loob nito.

“I have a fifty-one-year old patient who is suffering from a spinal tumor. Gusto ko po sanang ipakita sa 'yo 'yung result ng MRI. Ang sabi po kasi ng mga ibang doktor na pinuntahan nila, hindi na raw po puwedeng operahan pero gusto ko po sanang hingin ang expert opinion ninyo. His family is hoping that his life can still be saved...”

Nakita nito na mukhang seryoso siya ngayon. Naintriga ito sa kaso ng pasyente. “Nasaan na 'yung film?”

“Eto po.” Inilabas niya mula sa envelope ang hinihingi nito.

Itinaas iyon ni Adam sa ilalim ng ilaw at sinubukang basahin. “I think you got the wrong film. Chest x-ray ito,” sabi nito.

“Ay... I'm sorry po, nagkamali ako ng dampot!” paumanhin ni Moira. “Kung okay lang po sa inyo, sumama na po kayo sa akin. Nasa doctor's lounge 'yung film saka chart, kanina ko pa po kasi pinag-aaralan 'yon doon.”

Pumayag ito ngunit noong nasa female doctor's lounge na sila ay bigla itong nag-hesitate matapos

malamang walang ibang taong naroroon.

“Sige lang, Sir, pasok ka,” paanyaya ni Moira habang hinahanap ang film sa mga patong-patong na envelopes na naroroon.

Pumasok na rin ang binata. *Wala naman sigurong binabalak ang babaeng ’to*, isip nito habang pinakikiramdaman ang kanyang pagkilos. *Mukha namang trabaho nga lang ang pakay niya sa akin...*

“Here it is, Sir,” pag-aabot niya ng MRI film.

Habang abala at seryoso ang kausap sa pag-aaral niyon ay sinamantala niya ang pagkakataon. Isinara niya ang pinto at tumayo sa tabi nito sa leather couch. Hindi talaga siya umupo para may rason siya kunwaring yumuko at tumuro sa hawak nitong film. And when she did, sinadya niya talagang iharap ang ample cleavage sa mukha nito. Kinakabahan din siya sa ginagawa dahil alam niya kung saan maaaring humantong iyon, pero wala na siyang pakialam kung anuman ang mangyari sa kanila. Kung ang katawan niya ang kailangang maging kapalit ng inaasam niyang training sa Neurosurgery mula rito, handa siyang ibigay iyon.

Inilapag ni Adam ang MRI film sa tabi nito sa sofa at hinarap siya. He was staring at her with such

intensity in his eyes.

Napalunok siya. *Oh no! Ito na ba 'yon? Have I succeeded in seducing him?* isip niya habang binabalot na ngayon ng matinding nerbyos. Sa totoo lang ay virgin pa siya. Kahit pa mayroong mga pagkakataong nagkaroon siya ng slightly intimate moments with her first boyfriend back in college, hindi niya isinuko rito ang pagkababae niya.

“You know what? You don’t have the right to be a doctor,” tahasang sinabi nito.

“What?” Napatayo si Moira. Hindi niya inaasahan na iyon ang matatanggap niya mula rito.

Tumayo na rin ito at siya ay hinarap. “Becoming a doctor is not all about personal glory. It is a selfless profession that needs people who are willing to forget themselves in order to help others. Walang puwang rito ang mga katulad mo na walang inisip kundi ang sarili nila,” prangkang pahayag nito. “Alam mo, nakakahinayang ka. You are a brilliant doctor, you don’t need to do these stupid things just to get to the top!” Pagkasabi niyon ay lumabas ito ng silid.

Samantala, naiwang tulala ang dalaga. Pakiramdam niya ay sinampal siya ng mga salitang iyon ni Adam. There was no other person who was

able to speak to her that way and she felt shaken and ashamed.

“O, Moira, ikaw pala. Pasok,” pagpapatuloy ni Kris sa kapatid.

Matapos ang insidente sa ospital sa pagitan nila ni Adam ay dumerecho ang dalaga sa tahanan ng kanyang ate.

“Gabi na, ah. What brings you here?” tanong nito matapos utusan ang katulong na ipaghanda sila ng mainom.

“Ate, sa tingin mo ba may karapatan akong maging doktor?” tanong niya nang kapwa na sila makaupo sa sofa sa living room. Kahit pa pilit siyang hindi nagpapaapekto sa sinabi ni Adam ay hindi pa rin niya maiwasang mabahala.

“Anong klaseng tanong ba naman ’yan? Of course, you have the right to become a doctor. You were born to become one!” pag-assure ni Kris na hinawakan pa ang kanyang kamay. Naninibago ito sa nakikita at naririnig kay Moira. Nasanay itong nakikita siyang so full of confidence sa kanyang sarili. Hindi nito maintindihan kung saan ba nanggagaling ang tila pagdududa niya sa sarili ngayon. “Is there a

problem, Moira?” pag-aalala nito.

“Sa tingin mo ba selfish ako?” tanong niya.

Ilang sandali ring nag-hesitate ito hanggang sa magdesisyong tapatin na siya. “Well... huwag kang magagalit, ha? There were moments when you’re like that,” maingat na sabi nito.

Hindi man madali para kay Moira na marinig iyon, pinilit niya pa ring tanggapin iyon. “In... in what way ako nagiging selfish?”

“Hindi rin naman kita masisisi. You are a very driven young woman. Marami kang gustong ma-achieve sa buhay mo, kaya lang kung minsan you have the tendency to forget the people around you as you try to get what you want. You’re a doctor, Moira. Your main concern should be your patients, not yourself...”

Napayuko ang dalaga, ngayon dalawang tao na ang naringgan niya ng tungkol sa hindi niya magandang pag-uugali. “Hindi ko rin minsan maintindihan sa sarili ko kung saan ba nanggagaling itong sobra kong desire to become the best in everything,” pagtatapat niya.

“Saan pa, eh, di sa mga magulang natin,” napabuntong-hiningang saad ng kapatid na may

limang taon na ring kasal at may anak na tatlong taong gulang, si Gelo. “Pinalaki nila tayo na parating kinukumpara sa isa’t isa. Lalo na kay Kuya Javi, ang magaling nilang anak...”

“You mean naapektuhan ka rin sa tuwing gagawin nila ’yon?” tanong niya na biglang nanlaki ang mga mata. Ang buong akala niya kasi ay siya lamang ang nakakaramdam ng resentment sa ipinapakitang favoritism ng kanilang mga magulang sa nakatatandang kapatid nila.

“Oo naman. Hindi lang ako nagsasalita pero nasasaktan ako. Kahit ano’ng gawin ko, kahit ano’ng ma-achieve ko sa school, sa work, wala pa ring makakatalo kay Kuya Javi sa mga mata ng parents natin. It’s so frustrating ’cause it’s been my goal na makitang proud naman sa akin sina Mommy at Daddy, pero hindi ko ma-achieve ’yon. Hanggang sa nakilala ko si Harry, he taught me na hindi natin kailangang i-anchor ang happiness at self-worth natin sa perception ng ibang tao sa atin. We should find it deep in our hearts.”

“Yan ba ang secret mo kung bakit napakasaya at napakakontento mo sa buhay mo?” paniniguro niya.

“Oo, ito nga,” kumpirma nito. “At ikaw rin, puwede mong ma-achieve ito. You don’t always

need to use your brain, Moira. Use your heart, it will liberate you...”

“Nurse, may I see the result of her vital signs for the last twelve hours?” sabi ni Moira nang pumasok sa silid ng pasyenteng naka-schedule na operahan noong umagang iyon.

“Ito po, Doc,” pag-aabot ng nurse ng separate sheet of paper.

Habang binabasa iyon ay patuloy siyang nagbigay ng instructions sa kausap.

“Alam mo, Hija, nakikita ko ang sarili ko sa ’yo noon,” sabi ng pasyenteng si Patty Galvez, a fifty-year old woman suffering from a brain tumor. “Very businesslike, very serious, rarely smiles, workaholic... I devoted my whole life on becoming the best lawyer. Nakuha ko ang lahat ng pinangarap ko. Pero sa isang iglap, dahil sa isang tumor na tumubo sa utak ko, I might lose everything that I’ve worked so hard for...” pagbabahagi nito, sabay kinuha ang kanyang kamay.

“Hija, habang maaga pa, habang hindi pa huli, live your life. Huwag mong kulungin ang sarili mo sa trabaho. Go out, fall in love, have a family, share yourself with others. Hindi mo gugustuhing maging

katulad ko, na tumandang nag-iisa... Sa bandang huli kapag natapos na ang tagumpay, ang matitira pa rin ay ang mga taong tunay na nagmamahal sa 'yo..."

Hindi si Moira ang tipo ng doktor na naa-attach sa mga pasyente. As much as possible, nais niyang maging detached dahil sa tingin niya ay mas magagawa niyang maging objective sa pangagamot. Pero iba ang pasyenteng iyon. For the first time, she felt affected.

"Huwag po kayong mag-alala, hindi pa rin huli ang lahat para sa inyo. Dr. Laurencio will heal you. And you will be able to live your life and find the people who truly loves you..." pag-assure niya habang ipinapatong ang palad sa ibabaw ng kamay nitong nakahawak sa kanya.

"So, how's my lovely Patty?" ani Adam na walang kaabug-abog na sumulpot sa loob ng silid.

Biglang nakaramdam ng awkwardness ang dalaga. Hindi niya kasi maiwasang mahiya sa binata matapos ang ikinilos sa harap nito nang nakaraang gabi.

"Heto, kinakabahan, natatakot. But your pretty resident here assured me that you will heal me so I can still have the chance to live my life..." sagot nito.

Nakayuko lamang si Moira, hindi niya magawang tingnan nang derecho si Adam. Mula sa gilid ng kanyang mata ay napansin niyang sinulyapan siya nito matapos marinig ang sinabi ni Patty.

“What Dr. de Castro told you is true. I will indeed heal you so you can visit the places that you want to see. Maybe makita mo na roon ang Prince Charming mo...”

Hindi na siya nagtataka kung bakit giliw na giliw ang mga pasyente kay Adam. He was really charming and he knew how to make them feel better.

“Sana nga at kung papayag si Dr. de Castro, gusto ko sana siyang isama para makita na rin niya ang Prince Charming niya,” sabi ng matandang babae habang ngumingiti sa kanya. “Pero hindi na niya ’ata kailangang pumunta pa sa malayo para makita ang Prince Charming niya. Nand’yan ka naman, Doc! Single kayo pareho so why not be together?”

Kapwa nagpakawala ng awkward laugh ang dalawa. Aminado si Moira na napaka-attractive nga ni Adam, pero hindi niya makita ang sarili na karelasyon ito. Sa totoo lang ay nakapalayo sa kanyang isipan ng pakikipagrelasyon sa sinumang lalaki sa panahong iyon. Napakarami pa niyang dapat unahin sa buhay, wala siyang panahon sa pag-ibig.

“Okay, Dr. de Castro, please prepare our patient. You will assist me later in the OR,” utos ni Adam sa kanya.

“Ako po?” di-makapaniwalang turan niya rito. Sa simula pa lamang ay hindi na siya umaasang makakasama pa sa operasyong iyon. Expected na niyang isa sa mga interns ang isasabak nito. Kaya napakalaking sorpresa para sa kanya nang piliin siya nito.

“Yes, you will assist me with the operation. Ayaw mo ba?”

“G-gusto ko po!” sagot niyang halos magkandautal sa excitement. Finally, she would get to experience a brain surgery after a long time!

Pagpasok pa lamang sa loob ng operating room ay nararamdaman na ni Moira ang pagkabuhay ng kanyang dugo. Magbuhat nang umalis si Dr. Francisco, iyon lang muli ang pagkakataon na makakapag-assist siya sa Neurosurgery. Although, nakakapag-assist naman siya sa mga ibang operasyon tulad ng ortho at cardio, iba pa rin talaga ang dating sa kanya ng brain operation. It gave her a different kind of high.

Dumating na rin si Adam. Dumerecho kaagad

ito kay Patty. “How are you, my dear?” malambing nitong tanong.

“I’m scared, but I know I’m in good hands here with you and Dr. de Castro,” sagot nito.

“Don’t worry, after this ay makakapaghanap na kayo ni Dr. de Castro ng Prince Charming ninyo,” pangako ng lalaki.

“Hindi na kailangan ni Dr. de Castro ang maghanap, nand’yan ka naman, eh,” hirit nito.

Muli ay nagpakawala ng awkward laughter ang dalawang doktor. But this time, Moira felt strange. Hindi niya alam kung dulot lang ba iyon ng isasagawang operasyon, pero tila biglang kumabog ang puso niya lalo na nang magtama ang mga paningin nila ng surgeon. Kaagad siyang umiwas ng tingin habang ang pakiramdam ay biglang umiinit ang buo niyang katawan gayong malamig naman sa loob ng silid. Laking pasalamat niya sa suot na face mask dahil kung wala iyon ay bukong-buko na ni Adam at ng mga nurses ang pamumula ng kanyang mga pisngi.

Hindi nagtagal ay binigyan na ng pampatulog si Patty at sinimulan na ni Adam ang sensitibong operasyon sa utak nito. Ngayon, alam na ni Moira

kung bakit ito kinuha bilang head of Neurosurgery. The guy was like a god inside the operating room. Every movement of his long, delicate fingers was like a work of art. Kahit ilang beses pang nagkaroon ng tension-filled moments dahil nagiging unstable ang vital signs ng pasyente, hindi ito kinakitaan ng pagkawala ng composure. Like a seasoned captain, he remained in control amidst everything.

Nang sa wakas ay matapos na ang operasyon at nagawa na nilang matanggal ang tumor, nagdiwang ang lahat dahil stable pa rin ang kondisyon ng matandang pasyente.

“Good job, Dr. de Castro,” sabi ni Adam bago ito magtungo sa pinto upang lumabas ng operating room.

“Oh... thanks, Sir,” balik niya. It felt strange hearing that compliment from him, lalo pa at nang nakalipas na gabi lamang ay sinabihan siya nitong wala siyang karapatang maging doktor. *Does this mean may nakikita na siyang pagbabago sa akin? That I'm now worthy to be called a doctor?*

“Hoy, Babae! Nasaan ka na? Thirty minutes na akong naghihintay sa 'yo rito!” bungad ni Moira sa

kaibigan sa cellphone. Napag-usapan nila ni Sheryl na magkikita noong gabing iyon sa bar na nasa tapat lamang ng ospital, subalit nakakadalawang beer na siya ay hindi pa rin ito nagpapakita.

“Pasensya na, may tinatapos lang ako rito. I’ll be with you in fifteen minutes,” sagot nito sa kabilang linya.

“Okay, pag wala ka pa ng fifteen minutes, uuwi na talaga ako!”

“Promise I’ll be there!”

Hindi pa man niya nailalapag ang cellphone sa lamesa nang may isang pamilyar na lalaki ang biglang umupo sa stool sa kanyang tabi.

“Sir, ikaw pala,” nasorpresang baling niya rito.

“Adam na lang, wala naman tayo sa ospital,” sabi nito pagkatapos ay um-order ng beer sa bartender. “Sino’ng hinihintay mo? Boyfriend mo?”

“Hindi po, si Sheryl po. I mean, si Dr. Marcelo po ang hinihintay ko,” paglilinaw niya.

“Nasaan ang boyfriend mo? It’s a Saturday night, aren’t you supposed to be out on a date with him?” usisa pa nito.

“Wala akong boyfriend,” tugon niya saka ininom ang natitirang beer sa bote.

“Bakit? Wala bang gustong manligaw sa 'yo?” may pang-aasar na tanong nito.

Pinandilatan ito ni Moira. “Correction, marami pong nanliligaw sa akin!” taas-kilay niyang giit. Sa totoo lang ay wala talagang nanliligaw sa kanya sa kasalukuyan. Pero siyempre ay ayaw niyang magmukhang kawawa sa mga mata nito.

Napangisi ang binata. “Talaga? Parang ang hirap naman yatang paniwalaan.”

“Bakit? Ano'ng kataka-taka d'on? Hindi naman siguro ako panget para hindi nila mapansin!” pagtatanggol niya sa sarili na hindi na maiwasang mainsulto sa mga pinagsasasabi nito.

“Definitely, hindi ka pangit. In fact, you're very beautiful, so intelligent and a brilliant doctor. With those qualities, parang magdadalawang-isip ang sinumang lalaki na manligaw sa 'yo. Napakahirap mong abutin...”

Napawi bigla ang pagkainsulto na kanyang naramdaman kanina. Hindi niya akalain na ganoon pala ang tingin nito sa kanya. “Sa totoo lang, wala talaga sa plano ko ngayon ang magka-boyfriend.

Napakarami ko pa kasing kailangang unahin sa buhay. I still have so many dreams to pursue. Wala akong panahon sa mga relasyon.”

“Pero hindi ba mas masaya kung may inspirasyon ka habang inaabot mo ang mga pangarap mo?”

Nagkibit-balikat siya. “I don’t know. Baka ma-distract lang ako, eh. Siyempre hindi naman parating smooth-sailing ang mga relationships. Problems will come and I don’t think I will have the spare time and energy para pagtuunan ng pansin ang mga ganoong bagay,” aniya.

“Maybe you need a guy who would understand everything about your life and your profession. You know, like a doctor, too...”

Kahit pa sigurado siyang hindi nito tinutukoy ang sarili, hindi pa rin maiwasan ni Moira na mailang. Hanggang sa mamayani ang katahimikan sa pagitan nila.

“Would you like another round of beer?” tanong nito.

“Sure,” sagot niya.

Habang nag-o-order ang binata sa bartender ay may biglang pumasok sa isipan niya.

“Uhm... about last night pala, I’m so sorry sa ginawa ko sa ’yo sa doctor’s lounge,” napayukong paghingi niya ng tawad. “Nakakahiya, pakiramdam ko ang cheap-cheap ko. Hindi talaga ako ganoong klase ng babae. Hindi ko ginagawa ’yung ganoon. I guess desperado na lang talaga ako na makamit ang mga pangarap ko, kaya kung ano-ano na lang na kabaliwan ang ginagawa ko...”

“Huwag mong isipin ’yon. Alam kong matino kang babae.”

She was touched. Ganoon pala ang tingin nito sa kanya. Nahihiwagaan din siya sa sarili dahil kadalasan ay wala siyang pakialam sa sasabihin ng mga tao ukol sa kanya. But with Adam, she seemed to be very much concerned about what he thought of her.

“By the way, nabanggit nila sa akin that you’re the sister of Dr. Javier de Castro,” pag-iiba nito ng paksa, mababakas sa mukha na impressed ito. “Hindi na ako nagtatakang genius ka. It runs in the blood...”

Umasim ang kanyang mukha nang marinig ang pagkaka-associate sa sikat na kuya. Kaya nga siya hindi pumasok sa ospital na pinaglilingkuran ng kapatid ay dahil gusto niyang kumawala sa enormous shadow nito. She wanted to make a name for herself

with her own intelligence and skills. Kaso, hindi iyon maiiwasan dahil magkaapelyido sila.

“Yeah, he’s my brother,” kumpirma niya saka uminom ng beer na kase-serve pa lamang ng bartender.

“So how does it feel na maging kapatid ang isang Dr. Javier de Castro?”

“Honestly? I wish hindi ko na lang siya naging kapatid.” Sumimangot pa ang siya.

Gumihit ang pagtataka sa mukha nito. “What? But why?”

“Ikaw kaya ang magkaroon ng ganoon kagaling na kapatid ’tapos walang ginawa ang mga magulang mo kundi ikumpara ka sa kanya, tingnan ko lang kung matuwa ka!”

Ngayon ay medyo naiintindihan na ni Adam kung bakit ganoon ang ugali ng dalaga. “Is that the reason why you’re so driven because you wanted to prove something to your parents?”

“Oo, ’yan ang dahilan why I am this ambitious and competitive. I needed to be this way to achieve something para matuwa ang mga magulang ko sa akin. Alam ko hindi ko dapat ginagamit ang Medicine

to gain personal greatness, pero ito lang kasi ang natatanging paraan na naiisip ko para matuwa naman sila sa akin. Pero bale-wala rin ang lahat dahil kahit ano'ng gawin ko, wala pa rin silang nakikita kundi si Kuya Javi. Siya na lang ang parating magaling!”

Tinamaan bigla ang lalaki. He remembered he said some hurtful things against her last night. “Gusto ko rin sanang mag-sorry sa 'yo sa sinabi kong you don't have the right to be a doctor. Hindi ko kasi alam ang sitwasyon mo...” banggit nito habang pinupuno ng pagsisisi.

“Wala 'yon. Tama rin ang sinabi mo. Walang puwang ang selfishness sa buhay ng isang doktor. Bago ko isipin ang personal glory, dapat isipin ko muna ang kapakanan ng patients ko...”

Napangiti si Adam. He was pleased that he could see the change in Moira right away.

“Just keep that kind of attitude and you'll feel the real essence of being a doctor which can give you the real glory.”

“I'll keep that in mind,” aniya na nginitian ang kausap.